# Ang Talinghaga ng Magsasaka

## NOTES

## WARM-UP

- Gusto mo ba ng mga pagsubok? Bakit oo o bakit hindi?
- Ano ang pinakamahirap na pagsusulit na naranasan mo sa eskwelahan? Ano ang naging resulta ng pagsusulit na ito?
- Sino ang pinaka-matiyagang taong kilala mo? Balikan ang isang pangyayari na makapagpapaliwanag nito.

**WORD**

*4Isang araw, nagdatingan ang maraming tao mula sa iba't-*
*ibang bayan at lumapit kay Jesus. Ikinuwento niya sa kanila*
*ang talinghaga na ito: 5"May isang magsasakang naghasik*
*ng binhi. Sa kanyang paghahasik, may mga binhing nahulog*
*sa tabi ng daan, natapakan ito ng mga dumadaan at tinuka*
*ng mga ibon. 6May mga binhi namang nahulog sa mabatong*
*lugar. Tumutubo ang mga ito, pero madaling nalanta dahil*
*sa kawalan ng tubig. 7May mga binhi namang nahulog sa*
*lupang may matitinik na damo. Sabay na tumubo ang mga*
*binhi at ang mga damo, pero sa bandang huli ay natapakan*
*ng mga damo ang mga tumutubong binhi. 8Ang iba nama'y*
*nahulog sa mabuting lupa. Tumubo ang mga ito at namunga*
*ng napakarami." Pagkatapos, sinabi ni Jesus, "Kayong mga*
*nakikinig, dapat n'yo itong pag-isipan!"* **LUCAS 8:4-8**

(Basahin din ang **LUCAS 8:9-15**.)

---

Ang paggamit ng talinghaga ay isa sa mga pamamaraan na ginamit ni Jesus sa Kanyang pagtuturo. Gumamit Siya ng maraming mga kwento at pagsasalarawan upang maituro ang mga malalalim na katotohanan tungkol sa kaharian ng Diyos. Ang talinghaga ng magsasaka ay nagsasabi tungkol sa iba't-ibang uri ng lupa kung saan hinahasik ng magsasaka ang kanyang mga binhi. Ang binhi ay ang Salita ng Diyos na ipinangaral sa iba't-ibang uri ng lupa (mga tao), at nagkaroon ng iba't-ibang bunga. Sa araling ito, ating bibigyang pansin ang mabuting lupa at pag-aaralan ang kahalagahan ng pakikinig sa Salita ng Diyos at pagsunod dito na magdudulot ng pamumunga ng ating mga buhay.

## 1 Makinig sa Salita ng Diyos.

*9Tinanong si Jesus ng mga tagasunod niya kung ano ang kahulugan*
*ng talinghaga na iyon. 10Sumagot si Jesus, "Ipinagkaloob sa inyo na*
*malaman ang mga lihim tungkol sa paghahari ng Diyos, ngunit sa iba'y*
*ipinapahayag ito sa pamamagitan ng talinghaga, upang 'tumingin*
*man sila'y hindi makakita, at makinig man sila'y hindi makaunawa.'"*
*11Isinalaysay ni Jesus kung ano ang kahulugan ng talinghaga na iyon:*
*"Ang binhi ay ang Salita ng Diyos."* **LUCAS 8:9-11**

Ang binhi sa talinghaga ng magsasaka ay kumakatawan sa Salita ng Diyos (Marcos 4:14), na buong pagmamahal Niyang ibinibigay. Ang lahat ng uri ng lupa ay may magkakaparehong pagkakataon upang marinig ang Salita ng Diyos, bagama't ang bunga ay magkaka-iba. Ano ang pagkakaiba ng pakikinig at pang-unawa? Bakit dapat humantong sa pagsunod ang pakikinig sa Salita ng Diyos?

........................................................................................................

........................................................................................................

## 2 Sundin ang Salita ng Diyos.

*"Ngunit ang mabuting lupang hinahasikan ng binhi ay ang mga taong nakikinig sa salita ng Diyos, at iniingatan ito sa kanilang malinis at tapat na puso, at pinagsikapang sundin hanggang sa sila'y mamunga."* **LUCAS 8:15**

Ang pakikinig sa Salita ay isang pribilehiyo na mayroon tayong lahat, pero hindi ito dapat matapos dito. Inuutusan tayo ng Bibliya na huwag maging tagapakinig lamang ng Salita ng Diyos kundi maging mga tagasunod ng sinasabi nito (Santiago 1:22), upang hindi natin linlangin ang ating mga sarili. Kung hindi natin isasapamuhay ang Salita ng Diyos, walang magiging panghabang-buhay na espirituwal na paglago sa ating mga buhay. Paano inilalarawan ng Bibliya ang mga taong nakikinig lamang ng Salita ng Diyos subalit hindi sumusunod dito? (Lucas 11:28)

................................................................................

................................................................................

## 3 Maging labis na mabunga.

*[8]"Ang iba nama'y nahulog sa mabuting lupa. Tumubo ang mga ito at namunga ng napakarami. . . . [15]"Ngunit ang mabuting lupang hinahasikan ng binhi ay ang mga taong nakikinig sa salita ng Diyos, at iniingatan ito sa kanilang malinis at tapat na puso, at pinagsikapang sundin hanggang sa sila'y mamunga."* **LUCAS 8:8,15**

Ang ani mula sa mga binhi ay iba-iba, batay sa uri ng lupa. May mga gumugulo sa ating isip gaya ng mga pananagutan, pagsubok, at mga tukso (mga ibon, bato, tinik at iba pa), na pumipigil sa pamumunga ng binhi. Kung nais natin na mamunga, dapat tayong manatili sa Salita (Mga Taga-Filipos 2:16) at magtiyaga anuman ang mangyari. Ang pamumunga ay habambuhay na pagsunod sa Diyos at pag-asa na kayanin natin ang anumang bagay sa pamamagitan ng Kanyang kakayahan. Ano ang layunin ng pagkakaroon ng bunga? (Juan 15:8)

................................................................................

................................................................................

## APPLICATION

- Anong uri ng "lupa" ang pinakanaglalarawan ng buhay mo sa kasalukuyan? Anong uri ng "lupa" ang gusto mong maging? Ano ang isang bagay na gagawin mo sa ibang paraan?
- Nakikinig ka ba sa Salita ng Diyos at sinusunod mo ba ito? Sa anong bahagi ng buhay mo kailangang sumunod sa Diyos at ano ang gagawin mo tungkol dito?
- Isipin ang isang tao na kaya mong bahaginan ng katotohanan ng talinghagang ito ngayong linggo. Paano mo magagawang tulungan ang tao na ito upang lumago sa kanyang pananampalataya sa Diyos?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos dahil sa pribilehiyo na marinig ang Kanyang Salita. Ipanalangin na manumbalik ang labis na pagmamahal mo sa Salita ng Diyos, at na magdulot ito ng napakaraming bunga sa iyong buhay.
- Hingin sa Diyos ang kakayahan na sundin Siya ano man ang maging kabayaran. Ipanalangin na matuto kang magtiwala sa Kanyang kalakasan araw-araw.
- Ipanalangin na ikaw ay maging "asin at ilaw" sa iyong pamilya, mga kaibigan, at mga mahal sa buhay. Hingin sa Diyos ang mga pagkakataon upang maitanim mo ang Kanyang Salita sa buhay ng mga tao.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph